Tagalog

Vol.40 | 2024.04

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation

## Gaganapin ang 2024 Tokyo International Music Festival



Ang larawan ay mula sa nakaraang kaganapan.

**Gaganapin ang 2024 Tokyo International Music Festival sa Ota City Residents Hall (Aprico). Halina't ibahagi ang musika at pag-isahin ang ating mga puso! Mangyaring tingnan ang website para sa ticket, program at iba pang mga detalye.**

- Mayo 3 (Biyernes at holiday), 4 (Sabado) at 5 (Linggo), 2024
- Ota City Residents Hall (Aprico)
- Libre ang Mayo 3 at 4 para sa mga dayuhang residente ng Ota City.
  *Mangyaring ipakita ang inyong residence card atbp.
  Gayunpaman, may ilang bahaging may bayad.
- 2024 Tokyo International Music Festival Executive Committee Secretariat (co-sponsored ng Ota City)
  ☎ 03-3560-9388　FAX 03-3586-2575
  E-mail contact@timf.jp

## 【Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)】

Gaganapin ang "Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)" sa lupain ng Senzoku Pond na may magandang tanawin. Ang Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert) ay isang concert kung saan kayo ay matutuwa sa tradisyonal na sining ng pagtatanghal ng Japan kasabay ng magandang natural na tanawin. Ito ay isang kaganapan kung saan maaaring maranasan ang mahiwagang kapaligiran ng pagtatanghal gamit ang eleganteng tono, light effect atbp., kaya halina't mag-enjoy sa venue.

- Mayo 16 (Huwebes), 2024
  *Ikakansela kapag umulan
- Kanlurang pampang ng Senzokuike Park, "Ikezuki Bridge"
- Bayad para sa pagpasok: Libre
- Manonood nang nakatayo　*May 300 na upuan

Sponsor "Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)" Executive Committee/Ota City

- Cultural Promotion Division
  ☎ 03-5744-1226　FAX 03-5744-1539
  E-mail bunka@city.ota.tokyo.jp



©Ota City

···· Kailan　···· Magkano　···· Ilang tao　···· Saan　···· Paano mag-apply　···· Mag-apply sa　···· Makipag-ugnay sa

## 【Naghahanap ng mga aplikante para sa ManaViva】

Isa itong lugar para matuto ang mga adulto ng pagbabasa at pagsusulat ng mga karakter sa wikang Hapon na kailangan para sa pamumuhay gaya ng <Hiragana> <Katakana> at <simpleng pangungusap>, at mga pangunahing pag-aaral gaya ng <pambansang wika> <matematika> at iba pa. Mag-aral tayo kasama ang mga kasamahan at kawani.

Eligibility: (1) Mga naninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Ota City (16 taong gulang pataas)

(2) Mga marunong makipag-usap sa wikang Hapon (anuman ang nasyonalidad)

May pangangalaga: Mga batang 1 taon at 6 na buwan hanggang ika-3 baitang sa elementarya (first come, first served)

Mayo 12, 2024 (Linggo) – Marso 2, 2025 (Linggo), 24 beses sa kabuuan (Karaniwan sa ika-1, 2 at 4 na Linggo) 2:00 pm – 4:00 pm

Ota City Office, Consumer Center, at iba pa

Libre

40 katao (first come, first served)

Bumisita sa opisina o tumawag para sa aplikasyon

Co-Production Projects and Lifelong Learning Section, Community Activities Promotion Division

Counter No. 27, 6F Ota City Office, 5-13-14 Kamata, Ota-ku

☎ 03-5744-1443 FAX 03-5744-1518

## 【Ika-73 Ota City Children's Garden Party】

Ang mga bata ay makakapag-enjoy ng mga laro, sports atbp. kasama ang mga tao sa komunidad. Nakahanda ang masasayang plano sa 10 venue sa loob ng Ota City. Inaasahan namin ang inyong paglahok. Mangyaring i-check ang website para sa mga venue.



Ang larawan ay isang imahe lamang.

Abril 28, 2024 (Linggo) 10:00 am - 3:00 pm

Community Activities Promotion Division

☎ 03-5744-1223 FAX 03-5744-1518

E-mail seishonen@city.ota.tokyo.jp

## 【Paunawa ukol sa Sistema ng Loan-Type Scholarship (mga pumapasok sa kolehiyo atbp.)】

Ang Ota City ay nag-aalok ng scholarship para sa mga estudyante na may kagustuhang mag-aral, ngunit hirap ang sambahayan na magpa-aral dahil sa pinansyal na dahilan. Kung humiram ng scholarship at natutugunan ang mga itinakdang kondisyon, at nagtrabaho sa opisinang may kaugnayan sa welfare sa loob ng Ota City nang 3 taon o higit pa, mababawasan ang halaga ng isasauling scholarship.

*Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa itinalagang lugar para sa pakikipag-ugnayan.

Huling bahagi ng Abril – unang bahagi ng Hunyo (plano)

[Halagang ipapahiram]
Pampubliko: Hanggang 35,000 yen
Pribado: Hanggang 44,000 yen

30 katao

Dalhin o ipadala sa koreo ang mga kinakailangang dokumento sa tanggapan ng aplikasyon

Public Assistance Section, Welfare Management Division

〒144-8621 5-13-14 Kamata, Ota-ku

☎ 03-5744-1245

FAX 03-5744-1520

## 【Kurso sa Wikang Hapon para sa mga Beginner】

Ito ay isang klase para sa mga taong mag-aaral ng wikang Hapon sa unang pagkakataon upang sila ay makapag-aral ng pagbabasa, pagsusulat, at simpleng pang-araw-araw na pakikipag-usap sa wikang Hapon.

●Para kanino

Alinman sa mga sumusunod: Mga naninirahan / nagtatrabaho / pumapasok sa paaralan sa Ota City

Tingnan ang website para sa mga detalye.



©Ota City

Mayo 13 - Hulyo 4, 2024, 16 beses sa kabuuan (Tuwing Lunes at Huwebes)
10:00 am - 12:00 pm

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981
FAX 03-6410-7982
E-mail mail@ota-goca.or.jp

## 【Pamamaraan ng pagsapi sa National Pension】

Ang mga residenteng nasa edad na 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang na may certificate of residence sa Japan, kasama dito ang mga dayuhan, ay kailangang sumapi sa National Pension at magbayad ng insurance premium. Kung nagbabayad ka nang 10 taon o higit pa, makakatanggap ka ng pensiyon mula sa edad na 65 taong gulang. Mayroon ding "Disability Pension" kung saan makakatanggap ng pensiyon kapag hindi na makapagtrabaho dahil sa injury o sakit, at "Survivors' Pension" kung saan makakatanggap ng pensiyon kapag namatay ang miyembro ng pamilya na nagtatrabaho para sa pamumuhay. Kailangang gawin ang mga pamamaraan kapag dumating ka sa Japan sa unang pagkakataon o kapag umalis ka sa kumpanya. Kung mahirap bayaran ang insurance premium, isagawa ang pamamaraan para sa full o partial exemption. Kung hindi alam ang gagawin, tingnan ang website.

16,980 yen kada buwan (FY 2024)

Tanggapan, koreo, o elektronikong aplikasyon

■National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division
Counter No. 12, 3F Ota City Office, 5-13-14 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1214

■Japan Pension Service Ota Branch Office
3F Technoport Kamata Center Building, 2-16-1 Minami-Kamata, Ota-ku
☎ 03-3733-4141
Lunes 8:30 am – 7:00 pm
Martes hanggang Biyernes 8:30 am – 5:15 pm
Ika-2 Sabado 9:30 am – 4:00 pm

## 【Pagsasauli ng mga gastusing medikal na binayaran matapos mawalan ng eligibility para sa national health insurance】

Kapag nagpatingin ka sa isang institusyong medikal gamit ang iyong insurance card pagkatapos mong mawalan ng eligibility para sa national health insurance sa Ota City sa kadahilanang lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, sumapi sa ibang Japanese public health insurance, nag-expire ang iyong period of stay, at iba pa, hihilingin sa iyo na isauli ang gastusing medikal na binayaran ng Ota City. Kapag sumapi ka sa ibang Japanese public insurance o lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, mangyaring siguraduhin na ipaalam na ititigil mo ang iyong national health insurance sa Ota City at isauli ang iyong insurance card.

National Health Insurance and National Pension Division
☎ 03-5744-1211
FAX 03-5744-1516

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

# 【Tungkol sa paglalathala ng 2024 Gabay sa Pamumuhay sa Ota City sa Wikang Dayuhan】

Inilathala ang 2024 Gabay sa Pamumuhay sa Ota City sa Wikang Dayuhan. Naglalaman ito ng maraming impormasyon na mahalaga para sa iyong pamumuhay tulad ng impormasyon sa mga pamamaraan sa munisipyo, mabuting asal sa Japan, mga tanggapan ng konsultasyon na tumutugon sa wikang dayuhan, atbp.! Available ito sa 6 na wika: Ingles, Intsik, Tagalog, Nepali, Vietnamese at simpleng Hapon.

Lugar na nagpapamahagi

- Ota International Exchange Center (Minto Ota)
- Tanggapan ng konsultasyon sa iba't ibang wika ng Global City Ota Cooperation Association
- Household Residents Registry Counter A sa Ika-1 palapag ng Ota City Office
- Haneda Branch Office

Maaari mo rin itong i-download mula sa website.

# 【Tungkol sa pagbabago sa "Global City Ota" Multiculturalism Promotion Plan】

Binago ang "Global City Ota" Multiculturalism Promotion Plan (para taong 2024-2028). Ang plan na ito ay para sa pagtataguyod ng mga hakbang para sa international exchange at multiculturalism, sa layunin na lalong mapalalim ang pagkakaunawaan ng bawat isa sa mga taong may iba't ibang kultura, at ang Ota City ay maging isang bayan kung saan maaaring maging active habang ipinapakita ang tunay na sarili. Mangyaring tingnan ito!



©Ota City

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323　E-mail t-kokusai@city.ota.tokyo.jp

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
Address　〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk

Possibleng makita ang back issue ▶